






## Anong Nasa Loob...


**Paggawa ng Aplikasyon** .......... 1

**Pangunguna sa Pagpapalista** .......... 2

**Programang Magnet** .......... 3

**Mga Paaralang Magnet** .......... 9

**Programang Kusang Pagpalit sa Pagpapalista (VEEP)** .......... 22

**Programang Open Enrollment/Magkakasunod na Papasukang Paaralan** ... 23

**Program Improvement School Choice (PISC)** .......... 29

**Ibang Mga Pagkakataon** .......... 31

**Pagpapalista sa Loob o sa Labas ng Distrito** .......... 33

**Aplikasyon sa School Choice** .......... 34

**Mga Paaralang Charter** .......... 36


*Ang bawa't isa ay mayroong isang kapaligirang paaralan, nguni't kung minsan ang mga magulang at ang kanilang pamilya ay nais pumili....*

# SCHOOL CHOICE ENROLLMENT OPTIONS

**Programang Magnet**

Nag-aalok ng pagpapalista sa mga bago at mataas na uring paaralan na nagtataglay ng pambihira, may temang mga programa na nagpapakita ng malalim na pag-aaral na may kaugnayan sa temang Magnet kasama ang isang ganap, batay sa mga pamantayang kurikulum; nagpapaubaya ng sasakyan


Ang nilalaman nitong pahayagan ay nalinang sa ilalim ng pondong kaloob ng U.S. Department of Education. Gayunpaman, ang nilalaman ay hindi kinakailangang nagpapahayag ng mga pamalakad ng Department of Education, at huwag ninyong ipagpalagay ang pagpapatibay ng Pambansang Pamahalaan.

Maraming salamat sa Mission Federal Credit Union sa paglilingkod ng Paul Body Photography.

# Isang Mensahe sa mga Magulang Mula sa Tagapamahala

**Office of the Superintendent**



Terry B. Grier, Ed.D.
Superintendent

Ang San Diego Unified School District ay karangalang nag-aalok ng iba't-ibang pagpipilian sa pagpapalista para sa mga mag-aaral at mga magulang sa buong kabayanan. Sa mga sumusunod na pahina matutunghayan ninyo ang mga kaalaman ng maraming kagilasgilas na programang nakalaan para sa mga mag-aaral na nakatira sa loob ng kapaligirang distrito at nais na pumasok sa isang paaralang liban sa kanilang kapaligirang paaralan.

Iminumungkahi naming basahin ninyo ang buong katalogo upang inyong malaman ang mga pamimiliang iniaalok sa ating distrito. Kapag kayo ay handa nang pumili ng inyong naiibigang paaralan, maliban sa inyong kapaligirang paaralan, tapusin lamang ang Aplikasiyon para sa Pagpili ng Paaralan sa likod ng katalogong ito.

Ang bawa't programang iniaalok sa katalogong ito ay sinusuportahan ng pangako ng distritong matiyak ang kinabukasang magtagumpay sa kolehiyo at karera ng ating mga mag-aaral. Ang pagpapalista sa mga programang ito ay nakalaan para sa lahat ng mag-aaral sa distrito, kabilang ang mga Nag-aaral ng English, Gifted and Talented Education (GATE) at mga mag-aaral ng Natatanging Pag-aaral. Libong mga mag-aaral ay sinasamantala ang mga programang ito at ang pagpapalista ay limitado, kay pakiusap an mag-aksaya ng ilang saglit ngayon na tunghayan ang buong katalogo at magbigay ng aplikasiyon bago ang palugit na ika-15 ng Pebrero.

Sincerely,



**Terry B. Grier, Ed.D.**, Superintendent


**2009-2010**
**Board of Education:**

Richard Barrera
John de Beck
John Lee Evans
Shelia Jackson
Katherine Nakamura


**Programang Kusang Pagpalit sa Pagpapalista (VEEP)**
Nag-aalok ng sasakyang maghahatid upang hikayatin ang mga mag-aaral mula sa isang komunidad na pumasok sa naturingang mga paaralan sa labas ng kanilang kapaligiran

**Programang Open Enrollment**
Nagpapahintulot sa mga mag-aaral na pumasok sa alinmang paaralan sa loob ng distrito (maliban sa mga paaralang Magnet) subali't hindi nagkakaloob ng maghahatid na sasakyan

**Program Improvement School Choice (PISC)**
Nagpapahintulot sa mga magulang ng mga mag-aaral na pumapasok sa isang paaralang Program Improvement School (PISC) na humiling ng paglipat sa isang naturingang hindi paaralang Program Improvement na napagtantong tirahan ng mag-aaral; ipinagkakaloob ang maghahatid na sasakyan

**Ibang Mga Pagkakataon**
Karagdagang mga programang makabago sa paaralang K-12 ay ipinagkakaloob ng distrito upang matupad ang mga araling pangangailangan ng inyong anak

**Mga Paaralang Charter**
Ang mga paaralang publikong nagbibigay ng makabago, mataas na uring mga pagkakataon sa pag-aaral, pinangangasiwaan ng may matatag na pagsasarili subali't kasama ang higit na pananagutan

## Bago ngayong taon...

**Ang mga palugit at patakaran ay nabago!**
**Ika-15 ng Pebrero ang huling araw para sa kasalukuyang mga pamilayng pumapasok sa distrito upang magbigay ng aplikasiyon sa School Choice.**